



# Panalangin ng mga Kawal ng Diyos upang ipaghanda ang Ikalawang Pagdating ni Hesus

# Talaan ng mga Nilalaman

## Krusada ng Panalangin


| | | Pahina |
|---|---|---|
| **1** | Aking Handog Kay Hesus sa Pagsalba ng mga Kaluluwa | 1 |
| **2** | Panalangin Para sa mga Pandaigdigang Pinuno | 2 |
| **3** | Alisin sa Mundo ang Takot | 3 |
| **4** | Magbuklod ang mga Pamilya | 3 |
| **5** | Papuri sa Diyos na Kaitaasan | 4 |
| **6** | Panalangin Upang Hadlangan ang Anti-Kristo (Anti-Christ) | 5 |
| **7** | Panalangin para sa mga Tumatanggi sa Habag ng Diyos | 6 |
| **8** | Kumpisal | 7 |
| **9** | Pag-aalay ng Sakripisyo Bilang Regalo | 8 |
| **10** | Palaganapin ang Alab ng Iyong Pagmamahal | 9 |
| **11** | Itigil Ang Galit Sa Mga Visionaries | 10 |
| **12** | Panalangin Upang Maiwasan Ang Kayabangan O Mapagmataas Na Ugali | 10 |
| **13** | Panalangin Para Sa Tiyak Na Kaligtasan | 11 |
| **14** | Panalangin Sa Diyos Ama Upang Maprotektahan Sa Digmaang Nukleyar | 12 |
| **15** | Pasasalamat Sa Regalo Mo, Ang Mabathalang Awa (Divine Mercy) | 13 |
| **16** | Upang Tumanggap Ng Mga Biyaya Sa Nalalapit Na Babala | 14 |
| **17** | Panalangin Sa Ina Ng Kaligtasan Para Sa Mga Kaluluwang Sadlak Sa Kadiliman | 15 |

| | | |
|---|---|---|
| **18** | Hadlangan Ang Anti-Kristo At Ang Kanyang Grupo | 16 |
| **19** | Panalangin Para Sa Mga Kabataan | 17 |
| **20** | Hadlangan Ang Anti-Kristo Sa Pagwasak Ng Mundo | 18 |
| **21** | Pasasalamat Sa Diyos Ama sa Magaganap na Pagsalba sa Sangkatauhan | 19 |
| **22** | Upang Patuloy na Pahalagahan ng mga Katolikong Pari ang mga Turo ng Simbahan | 20 |
| **23** | Panalangin Para Sa Kaligtasan Ng Santo Papa Benedikto | 21 |
| **24** | **Lubos Na Indulhensya (Plenary Indulgence) Para Sa Kapatawaran Ng Mga Kasalanan** | 22 |
| **25** | Para sa Proteksyon ng mga Bisionario sa Iba't Ibang Parte ng Mundo | 24 |
| **26** | Ang Banal na Rosaryo | 25 |
| **27** | Panalangin Para Sa Kapayapaan Ng Mundo | 25 |
| **28** | Panalangin Mula Kay Mariang Birhen Para sa Pagkakaisa ng Lahat ng Simbahang Kristiyano | 26 |
| **29** | Upang Maprotektahan ang Kristiyanong Kaugalian | 28 |
| **30** | Panalangin Upang Maiwasan Ang Digmaan, Kasalatan, At Pananakit Dahil Sa Pananampalataya. | 29 |
| **31** | Dugtong- dugtong na Panalangin para sa Proteksyon | 30 |
| **32** | Panalangin upang wakasan ang Aborsyon sa Ireland | 31 |
| **33** | **Ang Tatak ng Diyos na Buhay** | 32 |
| **34** | Ang Handog kong Pag-aayuno (Fasting) kay Hesus | 34 |
| **35** | Panalangin Upang Ang Mga Kaluluwa'y Makapasok Sa Paraiso | 35 |
| **36** | Tulungan Mo Po Akong Parangalan Ang Totoong Diyos | 36 |

| | | |
|---|---|---|
| **37** | Para Sa Pagbubuklod ng lahat ng Anak ng Diyos | 37 |
| **38** | Para sa Kaligtasan ng Simbahang Katoliko | 38 |
| **39** | Upang Mapabilang sa mga Matapat na Anak ng Diyos at Maihanda ang Marami pang Kaluluwa para sa Bagong Paraiso at sa Muling Pagdating ni Hesus | 40 |
| **40** | Panalangin para sa mga Pari upang maihanda nila ang mga kaluluwa para sa Muling Pagdating ni Kristo | 42 |
| **41** | Para sa mga Kaluluwang Hindi Naniniwala sa Diyos | 43 |
| **42** | Panalangin ng Pag-aayuno para Hadlangan ang Isang Pandaigdigang Salapi | 44 |
| **43** | Iligtas ang mga Kaluluwa sa darating na Babala (The Warning) | 45 |
| **44** | Lakas upang ipagtanggol ang aking pananampalataya laban sa Bulaang Propeta | 46 |
| **45** | Panalangin upang Labanan ang mga Negatibong Kaisipan | 47 |
| **46** | Palayain Mo Ako sa Tanikala ng Kaaway | 48 |
| **47** | Pagningasin Mo ang Pag-ibig kay Hesus | 49 |
| **48** | Panalangin Para sa Grasya upang Ipahayag ang Muling Pagdating ni Kristo | 50 |
| **49** | Panata ng Katapatan para sa Kristiyanong Kaparian | 51 |
| **50** | Hesus Tulungan Mo Akong Makilala Ka | 52 |
| **51** | Para sa Kaloob ng Espiritu Santo | 53 |
| **52** | Panalangin kay Ama | 54 |
| **53** | Panalangin para sa Simbahang Katolika | 55 |
| **54** | Panalangin kay Ama Upang Mabawasan ang Pinsala ng Ikatlong Digmaang Pandaigdig | 56 |
| **55** | Upang Mapaghandaan ang Babala | 58 |

(The Warning)

| | | |
|---|---|---|
| **56** | Para sa mga Paring Naghahangad ng Proteksyon para sa Banal na Eukaristiya | 58 |
| **57** | Panalangin para sa Kaparian- Hesus Pahintulutan Mong Marinig ko ang Iyong Pagtawag | 60 |
| **58** | Krusada ng Panalangin para sa Pagbabalik-loob | 61 |
| **59** | Panata ng Katapatan sa Mabathalang Kalooban ng Diyos | 62 |
| **60** | Panalangin para sa Pagbabalik-loob ng mga Pamilya Habang Nagaganap ang Babala (The Warning) | 63 |
| **61** | Ilayo sa Kontrol ng One World | 64 |
| **62** | Para sa mga Kaluluwang Naliligaw at Walang Tumutulong | 66 |
| **63** | Ingatan Mo Ako sa Paglalakbay na Ito | 67 |
| **64** | Iligtas mo po ang Aking mga Kapatid | 67 |
| **65** | Para Sa Mga May Salang Mortal | 69 |
| **66** | Panatilihin Mo pong Ligtas ang Aking mga Anak mula sa Hari ng Kasinungalingan | 70 |
| **67** | Para sa Kaparian: Tulungan Mo Akong Manatiling Tapat sa Iyong Kabanal-Banalang Salita | 71 |
| **68** | Protektahan Mo po Kami mula sa Impluwensya ni Satanas | 72 |
| **69** | Panalangin Upang Tanggapin ang Mabathalang Kalooban ng Aking Ama | 73 |
| **70** | Panalangin para sa Kaparian: Upang maging matatag at matapat sa Banal na Salita ng Diyos | 74 |
| **71** | Panalangin Upang Tayo'y Maligtas sa Kalupitan | 76 |
| **72** | Ang Panalangin ng Disipulo | 77 |
| **73** | Para sa mga Batang Kaluluwa | 78 |
| **74** | Para sa Kaloob na Pang-unawa | 79 |

| | | |
|---|---|---|
| **75** | Itinatalaga ko ang Pagdurusa Ko sa Iyo Mahal na Jesus | 80 |
| **76** | Panalangin ng Hindi Naniniwala sa Diyos | 82 |
| **77** | Para sa Great Britain | 83 |
| **78** | Iligtas Mo Ako sa Kasamaan. | 84 |
| **79** | Para sa 2 Bilyon na Napariwarang Kaluluwa. | 85 |
| **80** | Para sa mga Kaluluwang Pumapatay | 86 |
| **81** | Para sa Regalo na Banal na Komunyon | 87 |
| **82** | Para sa Tagumpay ng Natitirang Simbahan | 89 |
| **83** | Para sa Pagpapapagaan ng Parusa | 90 |
| **84** | Upang Magbigay-Liwanag sa mga Kaluluwa ng mga Piling Tao (Elites) na Namumuno sa Mundo. | 92 |

**Litanya 1 :** ***Proteksyon mula sa Bulaang Propeta***

**Litanya 2 :** ***Para sa Lubos na Kaligtasan (Immunity)***

**Litanya 3 :** ***Ipagtanggol ang Salita ng Diyos***

## KRUSADA NG PANALANGIN (1)

# "Aking Handog Kay Hesus sa Pagsalba ng mga Kaluluwa"

Huwebes, ika-17 ng Nobyembre, 2011 09:00 ng gabi

Pinakamamahal kong Hesus, Ikaw na lubos ang pagibig sa amin, hayaan mong sa munting paraan ay makiisa ako sa pagsalba ng mga kaluluwang mahalaga sa Iyo. Kahabagan mo ang lahat ng makasalanan gaano man katindi ang pasakit sa Iyo.

Hayaan mong sa pamamagitan ng panalangin at sakripisyo ay matulungan ko ang mga kaluluwang nanganganib na hindi malampasan ang Babala (The Warning), nang sa gayon ay mapabilang pa rin sila sa Kaharian mo. Pakinggan mo ang aking panalangin, O katamis-tamisang Hesus, na mapagtagumpayan ang mga kaluluwang hinahangad mo. O Banal na Puso ni Hesus, panata ko ang katapatan sa Iyong banal na Kalooban magpakailanman. Amen.

## KRUSADA NG PANALANGIN (2)

# "Panalangin Para sa mga Pandaigdigang Pinuno"

Biyernes, ika-18 ng Nobyembre, 2011, 09:00 ng gabi

O Walang Hanggang Ama, sa ngalan ng Iyong mahal na Anak na si HesuKristo, hinihiling ko pong ipagsanggalang Mo ang Iyong mga anak sa binabalak na kalupitan ng mga pandaigdigang puwersa laban sa mga bansang walang kamalay-malay.

Ipinapanalangin ko po ang kapatawaran sa mga kasalanan ng mga taong dulot ay paghihirap upang sila ay magbalik-loob sa Iyo ng may mapagkumbaba at tapat na puso.

Nawa'y ang Iyong mga anak na makararanas ng kalupitan ay pagkalooban Nyo ng lakas upang makayanan ang mga paghihirap, para sa kabayaran ng mga kasalanan ng mundo sa pamamagitan ni Kristo aming Panginoon. Amen.

## KRUSADA NG PANALANGIN (3)

## "Alisin sa Mundo ang Takot"

Sabado, ika-19 ng Nobyembre, 2011, 07:00 ng gabi

O HesuKristo aking Panginoon, ako ay nagsusumamo na alisin mo sa mundo ang takot na naglalayo sa mga kaluluwa at sa Iyong mapagmahal na puso.

Ipinapanalangin ko na ang mga makararanas ng matinding takot habang nagaganap ang Babala ay hihinto at hahayaan ang baha ng Iyong Awa sa kanilang kaluluwa upang sila'y malayang ibigin Ka sa paraang nararapat. Amen.

## KRUSADA NG PANALANGIN (4)

## "Magbuklod ang mga Pamilya"

Linggo, ika-20 ng Nobyembre, 2011, 06:00 ng gabi

Pagkaisahin Mo po, Hesus, ang lahat ng pamilya habang nagaganap ang

Babala upang ang lahat ay makatanggap ng walang hanggang kaligtasan.

Ipinapanalangin ko po na ang lahat ng pamilya ay manatiling kabuklod mo, Hesus, upang ang lahat ay magmana ng bagong paraiso na darating sa mundo. Amen.

## KRUSADA NG PANALANGIN (5)

## "Papuri sa Diyos na Kaitaasan"

Lunes, ika-21 ng Nobyembre, 2011, 07:00 ng gabi

O Walang Hanggang Ama, may pagbubunying nag-aalay kami sa Iyo ng mga panalangin, papuri, at pasasalamat, para sa pinakatatanging regalo mo sa sangkatauhan, ang Iyong marubdob na pagmamahal at awa. O aming Diyos na Kaitaasan at Hari, dahil sa regalong ito kami ay naninikluhod sa Iyong harapan at mapagkumbabang naglilingkod.

Nagsusumamo kami Panginoon, kaawaan mo at patawarin ang lahat na mga anak mo. Amen.

## KRUSADA NG PANALANGIN (6)

## "Panalangin Upang Hadlangan ang Anti-Kristo (Anti-Christ)"

Martes, ika-22 ng Nobyembre, 2011, 11:00 ng umaga

O Hesus, ipinapanalangin ko na sa Habag ng Ama ay mapigilan ang Anti-Kristo at ang kanyang kampon ng kasamaan na magdulot ng matinding takot at kalupitan sa Iyong mga anak.

Ipinapanalangin naming mapigilan siya at sa pamamagitan ng pagbabalik-loob sa Diyos ng marami dulot ng Babala ay hindi ituloy ng Ama na pagbuhatan kami ng kamay bilang parusa sa aming mga kasalanan. Amen.

## KRUSADA NG PANALANGIN (7)

# "Panalangin para sa mga Tumatanggi sa Habag ng Diyos"

Martes, ika-22 ng Nobyembre, 2011, 08:00 ng gabi

Hesus, ako ay nag-uudyok na patawarin mo ang mga makasalanan na ang kaluluwa'y lubos ang kadiliman, at sa kalagayang ito ay tatanggihan pa rin ang liwanag ng Iyong Awa.

May pagmamakaawang hinihiling ko sa Iyo Hesus na patawarin mo sila upang maisalba sa mga kasalanang umaalipin sa kanila.

Pag-apawin mo ang kanilang puso ng Iyong walang hanggang Awa at pagkalooban sila ng pagkakataong makabalik sa Iyong piling. Amen.

## KRUSADA NG PANALANGIN (8)

## “Kumpisal”

Martes, ika-22 ng Nobyembre, 2011, 10:30 ng gabi

Pinakamamahal na Hesus, humihingi ako ng tawad sa mga kasalanang aking nagawa at sa mga pagdurusa at pasakit na naidulot ko sa aking kapwa.

May pagpapakumbabang dumadalangin ako ng biyaya upang hindi na muling magkasala sa Iyo at ganun din ang biyayang makabayad sa mga kasalanan ng may pagkukusa at sa paraang naaayon sa Iyong Banal na Kalooban.

Nagsusumamo ako na patawarin mo rin anumang kamalian ang magawa ko sa mga darating na panahon na magdudulot sa Iyo ng dalamhati at paghihirap.

Ako nawa’y isama mo sa mapayapang mundong darating nang sa

gayon ay mapabilang ako sa pamilyang paghaharian mo ng walang hanggan.

Pinakamamahal kita Hesus. Lubos kitang kailangan. Pinararangalan Kita at ang lahat ng Iyong mga gawa. Tulungan Mo ako Hesus na maging karapat-dapat makapasok sa Iyong Kaharian. Amen.

## KRUSADA NG PANALANGIN (9)

## " Pag-aalay ng Sakripisyo Bilang Regalo"

Lunes, ika-28 ng Nobyembre, 2011, 08:30 ng gabi

Kamahal-mahalang Puso ni Hesus, turuan mo akong tanggapin ng may pagpapakumbaba at pasasalamat ang mga pangungutyang ibabato sa akin, sa Ngalan mo, tuwing maghahayag ako ng Iyong Salita. Turuan mong maunawaan ko na ang mga pangungutya, sakit, at paghihirap, ay anupa't maglalapit sa akin sa Iyong Banal na Puso.

Hayaan mong tanggapin ko ang mga pagsubok na ito ng taos-puso at buong pagmamahal, at magsilbing mga regalong kasiya-siya sa Iyo. Iniaalay ko ang mga ito bilang pantubos sa mga kaluluwa. Amen.

## KRUSADA NG PANALANGIN(10)

## "Palaganapin ang Alab ng Iyong Pagmamahal"

Martes, ika-29 ng Nobyembre, 2011, 03:35 ng hapon

Mahal naming Hesus, tulungan mo nawa kami na sa Ngalan mo ay walang takot naming ipalaganap ang alab ng Iyong pagmamahal sa lahat ng bansa.

Bigyan mo kaming mga anak mo ng lakas upang harapin ang mga abusong mararanasan namin mula sa mga hindi sumasampalataya sa Iyo. Amen.

## KRUSADA NG PANALANGIN (11)

## **“Itigil Ang Galit Sa Mga Visionaries”**

Miyerkules, ika-30 ng Nobyembre, 2011, 08:00 ng gabi

O Kamahal-mahalang Puso ni Hesus, nawa’y pawiin mo ang galit at inggit na namamalagi sa Iyong mga taga-sunod hinggil sa mga tunay na mga bisionario ng ating panahon. Nawa’y pakinggan mo ang aking dalangin na mabigyan ang mga bisionario na ito ng lakas na kailangan nila upang ipahayag ang Iyong banal na Salita sa mundong salat sa pananampalataya. Amen.

## KRUSADA NG PANALANGIN (12)

## **“Panalangin Upang Maiwasan Ang Kayabangan O Mapagmataas Na Ugali”**

Sabado, ika-3 ng Disyembre, 2011, 07:40 ng gabi

O Hesus ko, tulungan mong maiwasan ko ang mapagmataas na ugali tuwing magsasalita ako sa Ngalan mo.

Patawarin mo ako kung may pagkakataong naging mapanghusga ako sa aking kapwa. Tulungan mo akong pakinggan Hesus ang Iyong tinig at punuin mo ako ng Iyong Espiritu Santo upang mabatid ko ang katotohanan tuwing mangungusap Ka sa sanlibutan. Amen.

## KRUSADA NG PANALANGIN (13)

## "Panalangin Para Sa Tiyak Na Kaligtasan"

Linggo, ika-11 ng Disyembre, 2011, 03:33 ng hapon

O Amang nasa langit, alang-alang sa pag-ibig ng pinakamamahal mong Anak na si HesuKristo na nagpakasakit sa krus upang iligtas kami, iligtas mo din ngayon ang mga taong ayaw tumanggap ng Iyong tulong at awa.

Punuin mo ang kanilang kaluluwa, Mahal naming Ama, ng Iyong wagas na

pag-ibig.

Nagsusumamo ako, aking Ama sa langit, pakinggan mo ang aking dasal at iligtas ang mga kaluluwang ito sa walang hanggang apoy. Sa tulong ng Iyong awa, hayaan mong sila pa ang unang makapasok sa bago at mapayapang mundong darating. Amen.

## KRUSADA NG PANALANGIN (14)

## "Panalangin Sa Diyos Ama Upang Maprotektahan Sa Digmaang Nukleyar"

Miyerkules, ika-14 ng Disyembre, 2011, 07:15 ng gabi

O Amang pinakamakapangyarihan at kataas-taasan, kahabagan mo ang lahat ng mga makasalanan. Buksan mo ang aming puso sa dulot mong kaligtasan at walang ubos na biyaya. Pakinggan mo ang pagsusumamo ko para sa aking pamilya, nawa'y magkaroon ang bawat

isa sa kanila ng puwang sa Iyong mapagmahal na Puso.

O Ama at Diyos namin sa langit, protektahan mo ang lahat ng Iyong anak sa mundo sa digmaang nukleyar o anumang kilos ng kaaway na magdudulot ng kamatayan. Iadya mo kami sa lahat ng kasamaang ito. Bigyan mo rin kami ng kaliwanagan upang ang mga mata nami'y mabuksan sa katotohanan at walang takot naming tanggapin ang kaligtasang mula sa Iyo lamang magmumula. Amen.

## KRUSADA NG PANALANGIN (15)

## "Pasasalamat Sa Regalo Mo, Ang Mabathalang Awa (Divine Mercy)"

Lunes, ika-19 ng Disyembre, 2011, 07:30 ng gabi

O aking Ama sa langit, pinararangalan ka namin at lubos na pinasasalamatan dahil isinakripisyo mo ang Iyong Anak at isinugo bilang

Tagapagligtas namin. May pagbubunying inaalay namin sa Iyo ang panalanging ito bilang pasasalamat sa Iyong parating na regalo, ang Mabathalang Awa.

O Diyos na Kaitaasan, gawin Mo kaming karapat-dapat tumanggap ng Iyong dakilang Awa. Amen.

## KRUSADA NG PANALANGIN (16)

## "Upang Tumanggap Ng Mga Biyaya Sa Nalalapit Na Babala"

Sabado, ika-31 ng Disyembre, 2011, 12:00 ng tanghali

O Hesus ko, palakasin mo ang aking pananampalataya upang malampasan ko ang pagsubok sa Babalang darating kung saan ipapakita mo ang Iyong dakilang Awa.

Pagkalooban mo ako ng biyayang kailangan ko upang magpakumbaba sa harapan mo. Buksan mo ang aking mga

mata sa katotohanan ng iyong pangako, ang walang hanggang kaligtasan.

Patawarin mo ang aking mga kasalanan at ipakita mo sa akin ang Iyong wagas na pag-ibig at kamay na mapag-aruga. Yakapin mo ako at sa piling ng Banal na Pamilya ako nawa'y muling lubos na mapasainyo.

Pinakamamahal kita Hesus at ipinapangako kong magmula ngayon ay ipapahayag ko ang Iyong Banal na Salita ng walang takot, at taglay ang kalinisan ng puso at kaluluwa, magpakailanman. Amen.

## KRUSADA NG PANALANGIN (17)

## "Panalangin Sa Ina Ng Kaligtasan Para Sa Mga Kaluluwang Sadlak Sa Kadiliman"

Linggo, ika-1 ng Enero, 2012, 03:00 ng hapon

O Kalinis-linisang Puso ni Maria, Ina ng Kaligtasan at Tagapamagitan ng

lahat ng grasya. Ikaw na kaisa sa pagsalba sa sangkatauhan laban sa kalupitan ni Satanas, ipanalangin mo kami.

Ina ng Kaligtasan, ipanalangin Mong lahat ng kaluluwa'y maligtas at malayang tanggapin ang pag-ibig at awa ng Iyong Anak at aming Panginoong HesuKristo na muling paparito upang sagipin ang sanlibutan at magkaloob din ng walang hanggang Kaligtasan. Amen

## KRUSADA NG PANALANGIN (18)

## "Hadlangan Ang Anti-Kristo At Ang Kanyang Grupo"

Miyerkules, ika-11 ng Enero, 2012, 03:00 ng hapon

O Mahal naming Hesus, iligtas Mo ang buong mundo sa kamay ng Anti-Kristo. Ipagsanggalang Mo kami sa mga kalupitan at pang-aakit ni Satanas. Sagipin Mo nawa sa kasamaan kaming

mga natitirang mananampalataya ng Iyong simbahan.

Pagkalooban Mo ang simbahan ng lakas at mga biyayang kailangan upang maipagtanggol namin ang sarili sa mga kaguluhan at pagpapahirap na balak isagawa ni Satanas kasama ng mga kawal niyang terorista. Amen.

## KRUSADA NG PANALANGIN (19)

## "Panalangin Para Sa Mga Kabataan"

Biyernes, ika-13 ng Enero, 2012, 08:00 ng umaga

Ina ng Kaligtasan, nawa'y ipanalangin mo na kahabagan ng Diyos ang mga kabataang ang kaluluwa'y nasa matinding kadiliman upang sa pagparito ng pinakamamahal mong Anak ay makilala nila Siya bilang Tagapagligtas ng sanlibutan.

Huwag mo sana hayaang isa man sa kanila ay maligaw ng landas. Huwag mo

sana hayaang isa man sa kanila ay tumanggi sa dakilang Awa ng Diyos.

O aking Ina, dalangin ko ang kaligtasan nilang lahat at nawa'y sakluban mo sila ng Iyong mapagpalang balabal upang maprotektahan sila sa mapanlinlang na kaaway. Amen.

## KRUSADA NG PANALANGIN (20)

## "Hadlangan Ang Anti-Kristo Sa Pagwasak Ng Mundo"

Huwebes, ika-19 ng Enero, 2012, 08:30 ng gabi

O Ama naming Diyos, sa ngalan ng Iyong mahal na Anak, ako'y tumatawag sa Iyo. Hadlangan mo nawa ang Anti-Christ sa pambibihag sa mga kaluluwa ng Iyong mga anak.

Hadlangan mo ang ginagawa niyang pagwasak sa Iyong mga nilalang at kaawaan mo sana ang mga kaluluwang walang kalaban-laban.

Pakinggan mo itong aking panalangin Mahal na Ama at iligtas mo ang lahat mong anak sa mapangahas na kaaway. Amen.

## KRUSADA NG PANALANGIN (21)

## "Pasasalamat Sa Diyos Ama sa Magaganap na Pagsalba sa Sangkatauhan"

Martes, ika-24 ng Enero, 2012, 04:50 ng hapon

O Diyos na Banal, nakamakapangyarihan sa lahat na lumikha ng sangkatauhan, pinupuri Ka namin at pinasasalamatan dahil lubos ang Iyong pag-ibig at awa sa amin.

Kami'y lubos din ang pasasalamat sa handog mong kaligtasan.

May pagmamakaawang hinihiling namin, Panginoon, iligtas mo sana ang mga taong napariwara at piniling sumunod sa yapak ng kaaway. Nawa'y mabuksan ang kanilang mga puso sa

katotohanang Ikaw lamang ang makapagbibigay ng buhay na walang hanggan. Amen

## KRUSADA NG PANALANGIN (22)

## "Upang Patuloy na Pahalagahan ng mga Katolikong Pari ang mga Turo ng Simbahan"

Sabado, ika-28 ng Enero, 2012, 10:23 ng gabi

O pinakamamahal kong Hesus, panatilihin mo ang aking lakas ganun din ang liwanag at alab ng pag-ibig ko sa Iyo. Sa lahat ng pagkakataon, pagningasin mo ang liwanag ng pag-ibig kong ito at huwag hayaang mamatay. Huwag mo ipahintulot na manghina ako sa harap ng mga pagsubok.

Pagkalooban mo ako ng mga biyayang kailangan upang pahalagahan ko ang aking bokasyon, debosyon, at panata. At patuloy na maging masunurin

sa mga aral ng tunay at matuwid na Katolikong simbahan.

Iniaalay ko at itinatalaga ang sarili sa Iyo sa lahat ng oras. Panata ko ang aking katapatan na lalaban sa panig ng mabuti upang ang Katolikong simbahan ay maitayo muli at magbalik sa dati nitong kaluwalhatian, pagkatapos ay sasalubungin ka namin sa muling pagparito mo. Amen.

## KRUSADA NG PANALANGIN (23)

## Panalangin Para Sa Kaligtasan Ng Santo Papa Benedikto

Linggo, ika-29 ng Enero, 2012, 10:36 ng gabi

O walang hanggang Ama, sa ngalan ng Iyong bugtong na Anak na si HesuKristo at ng pagpapakasakit niya sa krus upang iligtas ang sanlibutan sa kasalanan, dalangin kong maprotektahan ang banal mong sugo at pinuno ng

simbahan na si Papa Benedikto. Ito ay upang magampanan niya ang tungkuling mailigtas ang Iyong mga anak at mga banal mong lingkod sa kalupitan ni Satanas, at ng kanyang mga anghel na nahulog din sa langit. Sila ngayo'y gumagala sa mundo at nambibihag ng mga kaluluwa.

O Ama ko, protektahan mo po ang Santo Papa upang kami ay magabayan niya sa tunay na daan patungo sa Bagong Paraisong darating sa mundo. Amen.

## KRUSADA NG PANALANGIN (24)
## Lubos Na Indulhensya (Plenary Indulgence) Para Sa Kapatawaran Ng Mga Kasalanan

Martes, ika-31 ng Enero, 2012, 09:30 ng gabi

O Hesus ko, Ikaw ang liwanag ng mundo. Ikaw ang apoy na nag-aalab at nagpapanibago sa mga kaluluwa. Ang habag at pag-ibig mo ay walang hangganan. Kami ay hindi karapat-dapat

sa sakripisyong ginawa mo, ang pagpapakasakit at pagkamatay sa krus. Subalit alam naming ang pag-ibig mo sa amin ay higit na matindi kaysa pag-ibig namin sa Iyo.

Pagkalooban mo kami, Panginoon, ng kababaang-loob upang kami'y maging karapat-dapat sa iyong bagong Kaharian.

Punuin mo kami ng Espiritu Santo upang matapang na lumaban at pamunuan ang iyong hukbo sa pagpapalaganap ng katotohanan ng iyong Banal na Salita at maihanda ang aming mga kapatid sa Muling Pagparito mo.

Pinararangalan Ka namin. Sinasamba Ka namin. Iniaalay namin ang aming sarili, ang aming mga pagdurusa at dalamhati, bilang handog sa Iyo para sa kaligtasan ng mga kaluluwa.

Pinakamamahal Ka namin Hesus. Kahabagan mo ang lahat ng Iyong mga anak saan man sila naroroon. Amen.

(Ito ay dapat dasalin araw-araw)

## KRUSADA NG PANALANGIN (25)

# "Para sa Proteksyon ng mga Bisionario sa Iba't Ibang Parte ng Mundo"

Sabado, ika-4 ng Pebrero, 2012, 10:09 ng umaga

O Diyos na Kaitaas-taasan, ako'y nagsusumamo na mabigyan ng proteksyon ang lahat ng banal na tagapag-balita mo sa mundo. Ipinapanalangin ko na sila ay maprotektahan sa poot ng mga taong hindi sumasampalataya.

Hinihingi kong ang Iyong Banal na Salita ay mapalaganap ng mabilis sa lahat ng parte ng mundo. Ipagsanggalang mo po ang mga tagapag-balita mong ito sa pagmamalabis, pang-aabuso, panlilinlang, at sa lahat ng kapahamakan.

Protektahan mo rin ang kanilang pamilya at lukuban mo sila ng Espiritu Santo sa lahat ng oras upang ang mga mensaheng hatid nila ay bigyang pansin at magbunga sa mga tao ng pagsisisi at kababaang-loob. Amen.

## KRUSADA NG PANALANGIN (26)

## Ang Banal na Rosaryo

Linggo, Ika-5 ng Pebrero, 2012, 01:15 pm

## (Holy Rosary)

Ang kapangyarihan ni Satanas ay humihina kapag ika'y nagdasal ng aking Rosaryo. Siya ay tumatakbo na may matinding sakit at nawawalan ng kapangyarihan. Napaka-importante na kahit sa anong Kristianong relihiyon ang iyong pinaniniwalaan, na ipagdasal mo ito kahit minsan sa isang araw.

*Ang iyong Inang Tagapagligtas,*
*Mahal na Birhen*

## KRUSADA NG PANALANGIN (27)

## Panalangin Para Sa Kapayapaan Ng Mundo

Martes, ika-7 ng Pebrero, 2012, 07:06 ng gabi

O Hesus ko, may pagmamakaawang dumadalangin ako na kahabagan mo ang mga nagdurusa sa

mga kaguluhang sanhi ng digmaan. Nagsusumamo ako para sa kapayapaan ng mga bansang ito na lubos na nahihirapan dahil sila'y bulag sa katotohanang Ikaw ang tunay at nag-iisang Diyos.

Nawa'y sakluban mo ang mga bansang ito ng kapangyarihan ng Iyong Espiritu Santo upang sila'y huminto sa kasakiman at sa pagnanasang mapasailalim sa kapangyarihan nila ang maraming inosenteng tao.

Kahabagan mo ang lahat ng iyong bansa na walang kalaban-laban sa mga kasamaan at kaguluhang bumabalot sa buong mundo. Amen.

## KRUSADA NG PANALANGIN (28)

## Panalangin Mula Kay Mariang Birhen Para sa Pagkakaisa ng Lahat ng Simbahang Kristiyano

Miyerkules, ika-8 ng Pebrero 2012, 08:30 ng gabi

O Kataas-taasang Diyos, kami'y naninikluhod sa Iyong harapan para sa pagkakaisa ng lahat ng Iyong mga anak upang ipaglaban at mapanatili ang mga Kristiyanong simbahan sa mundo.

Huwag Mo hayaang ang mga pagkakaiba nami'y magdulot ng pagkakawatak-watak lalo na sa panahon ngayon na maraming tumatalikod sa pananampalatayang Kristiyano.

Kami'y nagsusumamo sa Iyo na pagkalooban kami ng mga biyaya upang magmahalan sa ngalan ng mahal Mong Anak at aming Tagapagligtas na si HesuKristo.

Pinupuri Ka namin. Pinakamamamahal Ka namin. Kami'y lalaban ng may pagkakaisa upang mapanatili ang Iyong Simbahang Kristiyano sa mundo sa kabila ng mga pagsubok na maaari naming harapin sa darating na mga taon. Amen.

## KRUSADA NG PANALANGIN (29)

# "Upang Maprotektahan ang Kristiyanong Kaugalian"

Linggo, Ika-12 ng Pebrero, 2012, 10:30 ng Umaga

O aking Panginoong Hesukristo, nagsusumamo akong puspusin mo ng Espiritu Santo ang lahat ng iyong mga anak. May pagmamakaawang hinihiling ko na patawarin mo ang mga kaluluwang may matinding poot sa Iyo.

Ipinapanalangin kong mabuksan ang pusong bato ng mga hindi naniniwala sa Iyo (atheists) habang ipinagkakaloob mo ang iyong Dakilang Awa. At ang mga anak mo namang nagmamahal sa Iyo ay maparangalan Ka ng may dignidad at kakayahang lampasan ang mga paghihirap.

Nawa'y punuin mo ang Iyong mga anak ng iyong Espiritu upang kami'y tumindig ng buong tapang at pangunahan ang Iyong hukbo sa huling pakikipaglaban kay Satanas, sa mga alagad niyang

demonyo, at mga kaluluwang inaalipin niya gamit ang mga pangakong sa huli’y wala namang kabuluhan. Amen.

## KRUSADA NG PANALANGIN (30)

## Panalangin Upang Maiwasan Ang Digmaan, Kasalatan, At Pananakit Dahil Sa Pananampalataya.

Martes, Ika-14 ng Pebrero, 2012, 06:00 ng Gabi

O Walang Hanggang Ama, Diyos na Lumikha ng kalawakan. Sa ngalan ng Iyong bugtong na Anak na si Hesus, loobin Mo nawa na higit Ka naming mahalin. Tulungan Mo kaming maging matapang, malakas, at walang takot sa harap ng kasamaan.

Tanggapin Mo ang aming mga sakripisyo, pagdurusa, at mga pagsubok bilang alay sa harap ng Iyong Trono para sa kaligtasan ng mga anak Mo sa mundo.

Palambutin Mo ang mga puso ng mga kaluluwang marumi dahil sa kasalanan.

Buksan Mo ang kanilang mga mata sa katotohanan ng pag-ibig Mo, upang sila'y makabilang sa mga anak mong papasok sa paraisong nilikha Mo ng buong pagmamahal at sa mundo'y darating ayon sa Mabathalang Kalooban Mo. Amen.

## KRUSADA NG PANALANGIN (31)

## Dugtong- dugtong na Panalangin para sa Proteksyon

Huebes, Ika-16 ng Pebrero, 2012, 08:00 ng Gabi

O Hesus ko, Nawa'y hayaan mo na ang aking mga panalangin ay mag-udyok sa Espiritu Santo na bumaba sa mga pinunong ang buhay ay puno ng pagnanasa, kasakiman, katakawan at kayabangan, upang matigil na ang

pagmamalabis at pagpapahirap sa mga anak mong walang kasalanan.

Aking hinihiling sa Iyo na matigil rin ang kahirapan, kasalatan sa pagkain, at digmaang kikitil sa buhay ng Iyong mga anak.

At ipinapanalangin ko rin na ang mga Europeong lider ay bubuksan ang kanilang mga puso sa katotohanan ng Iyong pag-ibig. Amen

## KRUSADA NG PANALANGIN (32)

## Panalangin upang wakasan ang Aborsyon sa Ireland

Biyernes, Ika-17 ng Pebrero, 2012, 03:30 ng Hapon

O Ina ng Kaligtasan, Ipanalangin mo nawa ang iyong mga anak sa Ireland upang matigil na ang mga kaganapan ng karumal-dumal na aborsyon.

Protektahan mo po ang banal na bansang ito upang huwag magpatuloy sa

pagtahak sa kadiliman na ngayo'y bumabalot kanilang bansang. Paalisin mo po sa kanila ang demonyong gustong pumatay sa mga sanggol na hindi pa naisisilang.

Ipanalangin mo po na ang kanilang mga pinuno ay magkaroon ng lakas ng loob na pakinggan ang mga umiibig sa Iyong Anak upang sila'y matutong sumunod sa mga aral ng ating Panginoong HesuKristo. Amen.

## KRUSADA NG PANALANGIN (33)

## Ang Tatak ng Diyos na Buhay

Lunes, Ika-20th ng Pebrero, 2012, 12:20 ng Hapon

O Diyos ko, mapagmahal kong Ama, tinatanggap ko ng buong pag-ibig at pasasalamat ang Iyong Mabathalang Tatak ng Proteksyon.

Ang Iyong pagka-Diyos ay bumabalot sa aking katawan at kaluluwa

magpakailanman. Ako ay yumuyuko sa Iyong harapan ng may kababaang-loob bilang pasasalamat at iniaalay ko ang aking marubdob na pag-ibig at katapatan sa Iyo, minamahal kong Ama.

May pagmamakaawang hinihiling ko na protektahan Mo ako at aking mga mahal sa buhay sa pamamagitan ng Natatanging Tanda na ito. At inihahandog ko ang aking buhay sa paglilingkod sa Iyo magpakailanman at magpasawalang-hanggan. Pinakamamamahal kita aking Ama. Hangad kong aliwin Ka sa mga panahong ito, mahal kong Ama.

Iniaalay ko sa Iyo ang Katawan, Dugo, Kaluluwa at pagka-Diyos ng Iyong pinakamamamahal na Anak para sa kapatawaran ng mga kasalanan sa mundo at kaligtasan ng lahat ng Iyong mga anak. Amen.

## KRUSADA NG PANALANGIN (34)

# Ang Handog kong Pag-aayuno (Fasting) kay Hesus

Miyerkules, Ika-22 ng Pebrero, 2012, 07:00 ng Gabi

O Hesus Ko, Tulungan mong sa munting paraan ay matularan ko ang iyong buhay na puno ng sakripisyo para sa kaligtasan ng sangkatauhan.

Hayaan mong mag-alay ako ng pag-aayuno isang araw sa isang lingo sa panahon ng kuwaresma para sa Kaligtasan ng sanlibutan upang ang lahat ay makapasok sa pinto ng Bagong Paraiso na darating sa mundo.

Inihahandog ko sa iyo mahal kong Hesus ang sakripisyong ito ng may pag-ibig at kagalakan sa aking puso upang ipakita sa iyo kung gaano kita minamahal. Sa pamamagitan ng sakripisyong ito ako'y nagmamakaawa na iligtas mo ang bawat kaluluwang naligaw ng landas. Amen.

## KRUSADA NG PANALANGIN (35)

# Panalangin Upang Ang Mga Kaluluwa'y Makapasok Sa Paraiso

Huebes, Ika-1 ng Marso , 2012, 07:55 ng Hapon

O Hesus ko, Tulungan mo akong maging kaisa Mo sa pagsalba ng mga natitirang anak mo sa mundo.

Ipinapanalangin kong sa pamamagitan ng iyong mahabanging puso ay mailigtas mo ang mga kaluluwang nasa kadiliman.

Tanggapin Mo ang mga pagsubok, sakripisyo, at dalamhati ng aking buhay upang mailigtas ang mga kaluluwang ito sa apoy ng impyerno.

Punuin mo ako ng biyaya upang maialay ang aking mga sakripisyo ng may pagmamahal at kagalakan sa aking puso upang ang lahat ay magkaisa sa pagmamahal sa Santisima Trinidad at mamuhay kasama Mo, bilang isang banal na pamilya, sa Paraiso. Amen.

## KRUSADA NG PANALANGIN (36)

# Tulungan Mo Po Akong Parangalan Ang Totoong Diyos

Huebes, Ika-8 ng Marso, 2012, 11:04 ng Umaga

Hesus tulungan mo po ako sapagkat ako ay naliligaw at naguguluhan. Hindi ko alam ang katotohanan tungkol sa buhay pagkatapos ng kamatayan.

Patawarin mo po ako kung ako'y nagkasala sa Iyo dahil sa pagsamba sa mga diyos-diyosang hindi naman totoo.

Iligtas mo po ako at tulungang makita ang katotohanan ng may kaliwanagan at iligtas ako sa kadilimang bumabalot sa aking kaluluwa.

Tulungan mo po akong lumapit sa liwanag ng iyong Awa.

Amen.

## KRUSADA NG PANALANGIN (37)

# Para Sa Pagbubuklod ng lahat ng Anak ng Diyos

Huebes, Ika-15th ng Marso, 2012 sa 11:18 ng Umaga

O Mahal naming Hesus, Pagbuklodin Iyo po ang lahat ng Iyong taga-sunod sa pamamagitan ng pag-ibig upang maipalaganap namin ang katotohanan ng iyong pangako tungkol sa walang hanggang kaligtasan ng sanlibutan.

Ipinapanalangin namin na ang mga kaluluwang may mababaw na pananalig sa Iyo at natatakot na ipaubaya sa Iyo ang sarili, ng buong pag-iisip, katawan, at kaluluwa ay alisin sa kanilang sarili ang mapagmataas na ugali at buksan ang kanilang mga puso sa pag-ibig mo upang mapabilang sila sa iyong banal na pamilyang maninirahan sa mundo.

Yakapin Mo po Hesus ang lahat ng kaluluwang naliligaw ng landas at hayaang ang aming pagmamahal bilang kapatid ay magligtas sa kanila sa kapahamakan at maakay sila sa kanlungan, pag-ibig, at liwanag ng Santisima Trinidad.

Ipinapaubaya namin ang aming buong pag-asa, pagtitiwala, at pagmamahal sa iyong mga Kamay. Mataimtim naming hinihiling na palalimin at palawakin mo pa ang aming debosyon sa Iyo upang mas maraming kaluluwa pa ang maligtas. Amen.

## KRUSADA NG PANALANGIN (38)

## Para sa Kaligtasan ng Simbahang Katoliko

Martes, Ika-20th ng Marso, 2012 sa 08:30 ng Gabi

O Pinagpalang Ina ng Kaligtasan, Ipanalangin mo nawa ang Katolikong Simbahan ngayong panahon ng kaguluhan at pagaanin mo ang paghihirap ng aming Mahal na Papa Benedikto XVI.

Hinihiling namin sa iyo Ina ng Kaligtasan na balutin mo ang mga banal mong lingkod ng iyong mapagpalang balaba upang sila ay mabiyayaan ng

kalakasan, katapatan, at katapangan sa darating na mga pagsubok.

Ipanalangin mo rin po na maayos nilang magabayan ang kanilang mga nasasakupan ayon sa mga tunay na alituntunin at batas ng Simbahang Katoliko.

O Banal na Ina ng Diyos, bigyan mo po kaming mga natitirang tapat sa simbahan ng kakayahang mamuno upang kami'y makatulong sa pag-akay sa mga kaluluwa tungo sa Kaharian ng Iyong Anak.

Hinihiling din namin sa iyo Ina ng Kaligtasan na huwag hayaang makalapit ang kaawaysa mga lingkod ng Iyong Anak habang nakikipaglaban para sa kaligtasan ng kanilang mga kaluluwa upang sila'y maging karapat-dapat makapasok sa pinto ng Bagong Paraiso sa mundo. Amen.

## KRUSADA NG PANALANGIN (39)

## Upang Mapabilang sa mga Matapat na Anak ng Diyos at Maihanda ang Marami pang Kaluluwa para sa Bagong Paraiso at sa Muling Pagdating ni Hesus

Miyerkules, Ika-21 ng Marso, 2012 sa 08:30 ng Gabi

O Hesus mahal kong Tagapagligtas, Hinihiling ko na lukuban mo ako ng Iyong Espiritu Santo upang maipahayag ko ng may awtoridad ang iyong Banal na Salita para mapaghandaan ng lahat ng anak ng Diyos ang Iyong Muling Pagdating. Ako'y nagsusumamo Panginoong Hesu-Kristo na pagkalooban mo ako ng lahat ng grasyang kailangan ko upang saan man ako magpunta ay makalapit at makapagpahayag ako sa lahat anumang relihiyon, paniniwala, at lahi.

Tulungan mo akong magpahayag taglay ang Iyong pananalita. At sa pamamagitan nito ay paginhawahin mo ang mga kaluluwang nagdurusa, at maiparamdam sa kanila ang Iyong

natatangi at wagas na pag-ibig na dumadaloy mula sa Iyong Banal at Kamahal-mahalang Puso.

Tulungan Mo akong iligtas ang mga kaluluwang malapit sa Iyong puso at hayaan mong pagaanin ko ang kalooban Mo Hesus kapag ang mga kaluluwang naliligaw ay patuloy na tumalikod sa Iyong Awa.

Hesus ako'y wala kung ikaw ay wala ngunit sa pamamagitan ng Iyong pagpapala ay kakayanin kong sa Ngalan Mo ay labanan ang kasamaan para sa kaligtasan ng Sangkatauhan. Amen.

## KRUSADA NG PANALANGIN (40)

## Panalangin para sa mga Pari upang maihanda nila ang mga kaluluwa para sa Muling Pagdating ni Kristo

Sabado, Ika-24 ng Marso, 2012 sa 11:45 ng Umaga

"O Hesus koAko'y abang lingkod mo at ang pag-gabay mo ay kailangan ko upang maihanda ang mga kaluluwa sa Iyong matagumpay at maluwalhating Muling Pagdating.

Tulungan mo akong mahikayat ang mga kaluluwa na magbagong-buhay at ihanda sila ayon sa Banal mong Kalooban upang sila ay maging karapat-dapat na makapasok sa Bagong Langit at Mundong ipinangako mo sa sanlibutan na Iyong tinubos sa pamamagitan ng pagkamatay sa Krus.

Pagkalooban mo po ako ng mga biyayang kailangan ko upang maibahagi ko ang Iyong Salita sa mga kaluluwang uhaw at nawa'y hindi ako panghinaan ng loob sa pagtupad ng tungkulin ko sa Iyo Hesus, Ikaw na pinangakuan ko ng aking katapatan at paglilingkod sa pamamagitan ng aking Sagradong Panata. Amen."

## KRUSADA NG PANALANGIN (41)

# Para sa mga Kaluluwang Hindi Naniniwala sa Diyos

Linggo, Ika-25 ng Marso, 2012, sa 03:30 ng hapon

"O Hesus ko tulungan mo po ang Iyong kaawa-awang mga anak na bulag at hindi nakakakita ng pangako mong kaligtasan.

Ako'y nagsusumamo na sa pamamagitan ng aking mga panalangin at pagdadalamhati, ay mabuksan mo ang mga mata ng mga hindi sumasampalataya sa Iyo upang makita nila at maramdaman ang Iyong marubdob na pag-ibig at sila'y lumapit ng walang pag-aalinlangan sa mga bisig mo at masumpungan ang proteksyon.

Tulungan mo pong makita nila ang katotohanan at makamit ang kapatawaran sa lahat ng kanilang mga nagawang kasalanan upang sila'y maligtas at maunang makapasok sa pintuan ng Bagong Paraiso.

Ipinapanalangin ko po ang mga kaawa-awang kaluluwang ito, lalaki, babae, at kahit mga musmos, at nagsusumamo akong patawarin mo ang lahat ng kanilang mga kasalanan. Amen."

## KRUSADA NG PANALANGIN (42)

## Panalangin ng Pag-aayuno para Hadlangan ang Isang Pandaigdigang Salapi

Martes, Ika-27 ng Marso, 2012 sa 06:00 ng Gabi

O Diyos na Kaitaas-taasan, Iniaalay namin ang handog na pag-aayuno upang Iyong hadlangan ang kasamaan sa mundo tulad ng planong ipagkait sa aming bansa ang pagkain kasama dito ang Tinapay na nagbibigay-buhay.

Tanggapin mo po ang aming handog at pakinggan ang aming pagmamakaawa para sa mga bansang

maghihirap at mapapahamak dahil sa plano ng Anti-Kristo.

Iligtas mo po kami sa kasamaang ito at protektahan ang aming pananampalataya upang malaya ka naming maparangalan ng buong pag-ibig at pagpupuri magpakailanman at magpasawalang-hanggan. Amen.

## KRUSADA NG PANALANGIN (43)

## Iligtas ang mga Kaluluwa sa darating na Babala (The Warning)

Martes, Ika-3 ng Abril, 2012 sa 08:00 ng Gabi

O Diyos Amang Makapangyarihan sa lahat, Alang-alang sa pinakamamahal mong Anak na si Hesu-Kristo, at sa alaala ng Kanyang pagkamatay sa Krus upang kami'y iligtas, nagmamakaawa kami upang iligtas mo ang mga kaluluwang hindi magawang iligtas ang kanilang sarili at sa darating na Babala

ay maaaring mamatay ng may mortal na kasalanan.

Alang-alang sa paghihirap ng Iyong mahal na Anak na si Hesus, nagsusumamo kaming patawarin mo ang mga taong hindi magagawang magsisi sapagkat babawian sila ng buhay bago pa man makahingi ng patawad at Awa na makakapagpalaya sa kanila sa kasalanan. Amen.

## KRUSADA NG PANALANGIN (44)

## Lakas upang ipagtanggol ang aking pananampalataya laban sa Bulaang Propeta.

Huebes, Ika 12th ng Abril, 2012 sa 11:27 ng Umaga

Hesus bigyan mo po ako ng lakas upang mapanatili ang mga aral mula sa Iyo at maipahayag ang Iyong Banal na Salita sa lahat ng oras.

Huwag mo pong hayaan na ako'y matuksong hangaan ang Bulaang

Propeta na itatanghal ang sarili at magpapanggap bilang Ikaw.

Panatilihin mo pong matibay ang pag-ibig ko sa Iyo.

Bigyan mo po ako ng grasya ng karunungan at tamang pang-unawa upang hindi ko kailanman ipagtatwa ang katotohanang taglay ng Bibliya kahit na maraming kasinungalingan ang iharap sa akin upang akitin ako na talikuran ang Iyong Tunay na Salita. Amen.

## KRUSADA NG PANALANGIN (45)

## Panalangin upang Labanan ang mga Negatibong Kaisipan

Martes, Ika-17 ng Abril, 2012 sa 06:30 ng Gabi

O Hesus, hindi kita lubusang nakilala. Ngunit nawa'y tulungan Mo akong buksan ang aking puso upang Ikaw ay makapasok sa aking kaluluwa upang taglayin ko ang kagalingan, kaginhawahan, at ang lubos na

kapayapaan.

Tulungan Mong madama ko ang kagalakan, at malabanan ang lahat ng mga negatibong kaisipan.

At turuan Mong maunawaan ko kung paano maging kalugod-lugod sa Iyo upang ako'y makapasok sa Iyong Bagong Kaharian kung saan ako'y mamumuhay ng may pag-ibig, kagalakan, at kahiwagaan kasama Mo magpakailanman at magpasawalang-hanggan. Amen.

## KRUSADA NG PANALANGIN (46)

## Palayain Mo Ako sa Tanikala ng Kaaway

Biyernes, Ika-20 ng Abril, 2012 sa 03:45 ng Hapon

O Hesus, Ako'y naliligaw. Ako'y naguguluhan at pakiramdam ko'y isa akong bilanggong nabihag sa isang masalimuot na lugar kung saan hindi ako makatatakas.

Nagtitiwala ako Hesus na ako'y

tutulungan mo at palalayain sa tanikala ni Satanas at ng kanyang mga demonyo.

Tulungan mo ako sapagkat ako'y naliligaw. Kailangan ko ang iyong pag-ibig upang lumakas ang pananalig at pagtitiwala ko sa Iyo Upang ako'y maligtas sa kasamaan at sa wakas ay aking masumpungan ang kapayapaan, pag-ibig, at kagalakan. Amen.

## KRUSADA NG PANALANGIN (47)

## Pagningasin Mo ang Pag-ibig kay Hesus

Linggo, Ika-22 ng Abril, 2012 sa 10:00 ng Umaga

O Pinagpalang Ina, Ina ng Kaligtasan ng sanlibutan, Ipanalangin mong ang pag-ibig ko kay Hesus ay magningas. Tulungan mong madama ko ang alab ng Kanyang pag-ibig upang mabusog ang aking kaluluwa.

Tulungan mong mahalin ko si Hesus ng higit pa. Ipanalangin mong ang

pananalig, pag-ibig, at debosyon ko sa Kanya ay mas tumibay pa.

Patahimikin mo anumang pag-aalinlangan na nagpapahirap sa akin at tulungan mong makita ko ng malinaw ang Mabathalang Liwanag ng katotohanan na namumutawi sa Iyong mahal na Anak, ang tagapagligtas ng sangkatauhan. Amen.

## KRUSADA NG PANALANGIN (48)

## Panalangin Para sa Grasya upang Ipahayag ang Muling Pagdating ni Kristo

Linggo, Ika-22 ng Abril, 2012 sa 03:30 ng Hapon

O Hesus Ko, Pagkalooban mo ako ng grasya upang maipahayag ko ang Iyong Banal na Salita sa lahat ng tao upang ang kanilang mga kaluluwa ay maligtas.

Puspusin mo akong mapagkumbabang lingkod mo ng Espiritu Santo upang ang Iyong Banal

na Salita ay pakinggan at tanggapin lalo na ng mga kaluluwang pinaka-nangangailangan ng Iyong Awa.

Tulungan mo akong parangalan ang Iyong Banal na Kalooban sa lahat ng oras at anumang mangyari ay huwag alipustahin o hatulan ang mga taong tumatanggi sa Iyong Awa. Amen.

## KRUSADA NG PANALANGIN (49)

## Panata ng Katapatan para sa Kristiyanong Kaparian

Martes, Ika-24th ng Abril, 2012 sa 07:45 ng Gabi

O Hesus ako'y mapagkumbabang alipin mo. Panata ko ang pag-ibig at katapatan sa Iyo. Nagsusumamo akong bigyan mo ako ng tanda sa Iyong pagtawag.

Tulungan mong mabuksan ang aking mga mata at masaksihan ang Iyong pangako. Pagkalooban mo ako ng pagpapala ng Espiritu Santo upang ako'y

hindi malinlang ng mga nagpapanggap na mula sa Iyo ngunit hindi nagsasalita ng katotohanan. Ipakita mo po sa akin ang katotohanan.

Hayaan mong damhin ko ang iyong pagmamahal upang matupad ko ang Kabanal-banalan mong Kalooban. May mapagkumbabang-pusong hinhiling ko na ipakita mo sa akin ang daan kung saan ako'y makakabahagi sa pagsalba ng mga kaluluwa ng sangkatauhan. Amen.

## KRUSADA NG PANALANGIN (50)

## Hesus Tulungan Mo Akong Makilala Ka

Lunes, Ika-30 ng Abril, 2012 sa 05:45 ng Hapon

O Mahal kong Hesus, tulungan mo akong makilala Ka. Patawarin mo ako kung ngayon lamang Kita kinakausap.

Tulungan mong magkaroon ng kapayapaan ang aking buhay at masaksihan ang katotohanan ng buhay na walang hanggan.

Gawin mong mapanatag ang aking puso. Pawiin mo ang aking pagkabalisa. Ipagkaloob mo ang kapayapaan sa akin.

Buksan mo ngayon ang aking puso upang mapuno mo ng pag-ibig ang aking kaluluwa. Amen.

## KRUSADA NG PANALANGIN (51)

## Para sa Kaloob ng Espiritu Santo

Biyernes,Ika-4 ng Mayo, 2012 sa 09:05 ng Gabi

O Espiritu Santo Ikaw nawa'y mapasaakin.

Padaluyin mo ang iyong Kaloob na Pag-ibig, Karunungan, at Kaalaman sa aking hamak na kaluluwa.

Punuin mo ako ng Liwanag ng Katotohanan upang mabatid ko ang katotohanan na mula sa Diyos at hindi ang mga kasinungalingan na pinalaganap ni Satanas at ng kanyang mga anghel.

Tulungan mo akong hawakan ang sulo at pakalatin ang apoy ng kaunawaan

sa lahat ng aking nakakasalamuha sa pamamagitan ni Kristo, aming Panginoon, Amen.

## KRUSADA NG PANALANGIN (52)

## Panalangin kay Ama

Martes,Ika-8 ng Mayo, 2012 sa 12:30

Pinakamamahal kong Ama, sa ngalan ng Iyong mahal na Anak at sa alaala ng Kanyang pagpapakasakit sa Krus, Ako'y tumatawag sa Iyo.

Ikaw, Diyos na Kataas-taasan, Maylikha ng daigdig at lahat na nga, nasa Iyong mga Banal na Kamay ang aming kaligtasan.

Yakapin mo ang lahat ng mga anak mo kabilang na ang mga hindi nakakakilala sa Iyo at mga nakakakilala nga ngunit nakatuon sa iba.

Patawarin mo ang aming mga kasalanan at iligtas kami sa pagpapahirap ni Satanas at ng kanyang kawal.

Kunin Mo at panatilihin kami sa iyong mga bisig at punuin kami ng pag-asa.
Kailangan naming makita ang daan patungo sa katotohanan. Amen.

## KRUSADA NG PANALANGIN (53)

## Panalangin para sa Simbahang Katolika

Huebes, ika-10 ng Mayo, 2012 sa 03:45 ng Hapon

O Diyos Ama, Sa ngalan ng Iyong Mahal na Anak, Nagsusumamo akong magkaloob ka ng lakas at biyayang kailangan upang matulungan ang mga pari na magbata ng hirap na kanilang tinitiis.

Tulungan mo silang kumapit sa katotohanan ng mga Pangaral ng Iyong Anak, si Hesu-Kristo, at kailanman ay huwag mag-alinlangan, manghina, o magpadala sa mga kasinungalingan tungkol sa pag-iral ng Banal na Eukaristiya. Amen.

## KRUSADA NG PANALANGIN (54)

# Panalangin kay Ama Upang Mabawasan ang Pinsala ng Ikatlong Digmaang Pandaigdig

Miyerkules, Ika-16 ng Mayo, 2012 sa 03:10 ng Umaga

O Ama sa langit, sa ngalan ng iyong mahal na Anak na si Hesu-Kristo na lubos na naghirap dahil sa kasalanan ng sangkatauhan, tulungan mo nawa kami sa masalimuot na panahong aming hinaharap ngayon. Tulungan mo na maligtas kami sa mga pahirap na binabalak ng mga sakim na pinuno at iyong mga gustong sumira sa Iyong mga simbahan at sa Iyong mga anak.

Nagsusumamo kami Ama naming Mahal na tulungan mo kaming mapakain ang aming mga pamilya at iligtas ang buhay ng mga taong mapwepwersa na labanan ang sariling kalooban.

Pinakamamahal Ka namin Ama. Nagmamakaawa kami na tulungan mo kami sa panahon ng kasalatan.

Iligtas mo kami sa kamay ng Anti-Kristo. Tulungan mong maligtas kami sa kanyang tatak, ang tatak ng Halimaw, sa pamamagitan ng pagtanggi dito.

Tulungan mo ang mga nagmamahal sa Iyo na manatiling tapat sa Banal na Salita mo sa lahat ng oras ng sa ganon ay mapagkalooban Mo kami ng biyaya upang maligtas ang aming Katawan at Kaluluwa. Amen.

## KRUSADA NG PANALANGIN (55)

## Upang Mapaghandaan ang Babala (The Warning)

Lunes, Ika-21 ng Mayo, 2012 sa 08:15 ng Gabi

O Mahal kong Hesus, Nawa'y buksan mo ang puso ng lahat ng iyong mga anak sa handog mong Dakilang Awa.

Tulungan mo po silang tanggapin ang iyong Mabathalang Awa ng may pag-ibig at pasasalamat.

Gawin mo po silang mapagkumbaba sa Iyong Harapan at makapagsisi sa kanilang mga kasalanan upang sila ay maging bahagi ng Iyong Maluwalhating Kaharian. Amen.

## KRUSADA NG PANALANGIN (56)

## Para sa mga Paring Naghahangad ng Proteksyon para sa Banal na Eukaristiya

Sabado, Ika 26 ng Mayo, 2012 sa 04:00 sa Hapon

O Iniibig na Ama, sa ngalan ng Iyong mahal na Anak, Na nagsakripisyo ng kanyang Sarili sa krus para sa sangkatauhan, tulungan mo akong manatili sa katotohanan.

Lukuban mo ako ng Mahal na Dugo ng Iyong Anak at bigyan ako ng grasya upang patuloy na paglingkuran Ka ng may pananalig, pagtitiwala, at

karangalan sa natitirang panahon ng aking paglilingkod.

Huwag mong hayaan na ako'y malihis sa tunay na kahulugan ng Sakripisyo ng Banal na Misa o kaya'y ng pagpapakilala ng Banal na Eukaristiya sa Iyong mga anak.

Pagkalooban mo ako ng lakas upang kumatawan sa Iyo at pakainin ang Iyong kawan sa paraang nararapat sa kanilang pagtanggap ng Katawan, Dugo, Kaluluwa, at Pagka-Diyos ng Iyong Anak, si Jesu-Kristo, ang Tagapagligtas ng Sangkatauhan. Amen.

## KRUSADA NG PANALANGIN (57)

## Panalangin para sa Kaparian- Hesus Pahintulutan Mong Marinig ko ang Iyong Pagtawag

Lunes, Ika-28 ng Mayo, 2012 sa 08:45 ng Gabi

O Minamahal kong Hesus, Buksan Mo ang aking taynga sa tunog ng Iyong tinig.

Buksan Mo ang aking puso sa Iyong magiliw na pagtawag. Punuin mo ang aking kaluluwa ng Espiritu Santo Upang Ika'y makilala ko sa oras na ito.

Iniaalay ko sa Iyo ang mapagkumbabang katapatan ko sa lahat ng iutos mo sa akin.

Tulungan mong mamalas ko ang katotohanan, manindigan, tumugon, at sumunod sa Iyong tinig upang makatulong ako sa iyo sa pagsalba ng mga kaluluwa ng sanlibutan.

Ang Kalooban mo ang susundin ko. Bigyan mo ako ng lakas ng loob na hayaan ang pag-gabay mo upang taglayin ko ang sanggalang na kailangan para pamunuan ang Iyong simbahan tungo sa Bagong Kaharian. Amen.

## KRUSADA NG PANALANGIN (58)

## Krusada ng Panalangin para sa Pagbabalik-loob

Huebes, Ika-31 ng Mayo, 2012 sa 09:00 ng Gabi

O minamahal na Hesus, ako'y tumatawag sa Iyo nawa'y yakapin mo ang lahat ng anak ng Diyos at lukuban sila ng Iyong Mahal na Dugo.

Hayaan mong ang bawat patak ng Iyong Dugo ay bumalot sa bawat kaluluwa upang ipagsanggalang sila mula sa masama.

Buksan mo ang puso ng lahat lalong-lalo na ang mga suwail na kaluluwa ganon din ang mga kaluluwang may kilala sa Iyo ngunit may dungis ng kasalanan ng kapalaluan, na sila'y magpakumbaba at magmakaawa na ang liwanag dulot ng Iyong pag-ibig ay mag-umapaw sa kanila.

Buksan mo ang kanilang mga mata para makita ang katotohanan upang magsimulang umulan sa kanila ang Iyong Mabathalang Awa nang sa ganon ay mabalot sila ng sinag ng Iyong Awa.

Baguhin mo po ang lahat ng kaluluwa sa pamamagitan ng mga

grasyang hinihingi ko ngayon Mahal kong Jesus **(sabihin ang pansariling intensyon)**

Nagsusumamo ako ng Awa at iniaalay ko ang handog ng pag-aayuno isang beses bawat linggo ngayong buwan ng Hunyo para sa kapatawaran ng lahat ng kasalanan. Amen.

## KRUSADA NG PANALANGIN (59)

## Panata ng Katapatan sa Mabathalang Kalooban ng Diyos

Miyerkules, Ika 13 ng Hunyo, 2012 sa 04:00 ng Hapon

O Diyos na Kataas-taasan, O Amang Makalangit. Panata ko ang aking maigting na katapatan na parangalan at sundin Ka sa lahat ng bagay kaisa ng Iyong Mabathalang Kalooban sa mundo.

Ako, sa pamamagitan ng Banal na Dugo ng Iyong bugtong na Anak, ang Tunay na Mesiyas, ay iniaalay ang aking kaisipan, aking katawan, at aking kaluluwa, sa ngalan ng lahat ng kaluluwa, upang tayo ay magkasama bilang isa sa

Iyong Makalangit na Kaharian na darating, dahil dito ang Iyong Mabathalang Kalooban ay magaganap sa lupa para ng sa langit. Amen.

## KRUSADA NG PANALANGIN (60)

## Panalangin para sa Pagbabalik-loob ng mga Pamilya Habang Nagaganap ang Babala (The Warning)

Huebes, Ika-14 ng Hunyo, 2012 sa 06:15 ng Gabi

O minamahal at Katamis-tamisang Jesus, Ako'y nagmamakaawa para sa mga kaluluwa ng aking pamilya *(sabihin ang mga pangalan)* Iniaalay ko sa Iyo ang aking mga paghihirap, aking mga pagsubok, at aking mga panalangin upang iligtas ang kanilang mga kaluluwa sa ispiritu ng kadiliman.

Nawa'y walang ni isa man sa kanila, mga anak mo, ang magtatwa o tumanggi sa Iyong Kamay ng Awa. Buksan mo ang kanilang mga puso upang

makaugnay ng Iyong Kamahal-mahalang Puso upang hangarin nila ang kapatawarang kailangan para sila'y maligtas sa apoy ng impyerno.

Bigyan mo sila ng pagkakataon upang makipagkasundo upang sila'y magbalik-loob dulot ng Sinag ng Iyong Mabathalang Awa. Amen.

## KRUSADA NG PANALANGIN (61)

## Ilayo sa Kontrol ng One World

Linggo, Ika- 17 ng Hunyo, 2012 sa 08:15 ng Gabi

O Mahal na Amang Makalangit Sa ala-ala ng Pagkakapako sa Krus ng Iyong Mahal na Anak na si Hesu-Kristo. Nagsusumamo ako na protektahan mo kami, mga anak mo, mula sa pagpako na binabalak upang patayin ang iyong mga anak ng Anti-Kristo at kanyang mga taga-sunod.

Bigyan mo po kami ng grasyang

kailangan upang tanggihan ang Tanda ng Halimaw at pagkalooban kami ng tulong na kailangan upang labanan ang kasamaan sa mundo na kinakalat ng mga sumusunod sa landas ni Satanas.

Nagsusumamo kami sa Iyo, Mahal na Ama, na protektahan ang lahat ng Iyong mga anak sa kasindak-sindak na panahong ito at gawin mo kaming ganap na malakas upang manindigan at magpahayag ng Iyong Banal na Salita sa lahat ng oras. Amen

## KRUSADA NG PANALANGIN (62)

## Para sa mga Kaluluwang Naliligaw at Walang Tumutulong

Huebes, Ika-21 ng Hunyo, 2012 sa 12:05 ng Umaga

O Hesus tulungan mo ako sapagkat ako'y makasalanan, naliligaw, walang tumutulong, at nasa kadiliman. Ako'y mahina at walang lakas ng loob na

lumapit sa Iyo. Bigyan mo ako ng lakas na tumawag sa Iyo ngayon upang ako'y makalaya sa kadilimang taglay ng aking kaluluwa.

Dalhin mo ako sa Iyong liwanag Mahal na Hesus, patawarin mo ako.

Tulungan mong ako'y mabuo muli at ako'y akayin mo sa Iyong pag-ibig, kapayapaan, at Buhay na Walang Hanggan.

Ako'y nananalig ng lubusan sa Iyo at hinihingi kong ako'y angkinin mo sa isip, katawan, at kaluluwa, sapagka't ako'y sumusuko na sa Iyong Mabathalang Awa. Amen.

## KRUSADA NG PANALANGIN (63)

## Ingatan Mo Ako sa Paglalakbay na Ito

Biyernes, Ika-29 ng Hunyo, 2012 sa 09:20 ng Umaga

Minamahal kong Ina ng Kaligtasan, hinihiling kong ipanalangin mong ako'y mapagkalooban ng Pagkain ng Buhay upang ako'y manatili sa paglalakbay na ito ng sa gayon ako'y makatulong sa

pagsalba ng lahat ng anak ng Diyos. Nawa'y tulungan mo ang mga nalinlang sa pamamagitan ng mga maling idolo at diyos-diyosan na mabuksan ang kanilang mga mata sa katotohanan ng Pagkamatay ng Iyong Anak sa Krus upang maligtas ang bawat anak ng Diyos at pagkalooban ang bawat isa ng Buhay na Walang Hanggan. Amen.

## KRUSADA NG PANALANGIN (64)

## Iligtas mo po ang Aking mga Kapatid

Miyerkules, Ika-4 ng Hulyo, 2012 sa 12:50 ng Hapon

O minamahal kong Tagapag-ligtas, Hesu-Kristo, tanggapin mo ang handog kong panalangin at mga sakripisyo upang makatulong sa pagliligtas ng aking mga kapatid sa kulungan ng kadiliman na kanilang pinaglalagyan.

Hayaan mong makatulong ako sa pagsagip sa kanilang mga kaluluwa.

Nagmamakaawa ako na sila'y patawarin mo sa kanilang mga kasalanan at hinihiling ko na punuin mo ang kanilang mga kaluluwa ng Espiritu Santo upang sila'y tumakbo patungo sa Iyong mga bisig bilang kanlungang lubha nilang kailangan bago sila mawala magpakailanman.

Iniaalay ko sa Iyo ang handog kong pagsuko ng sarili para sa kanilang mga kaluluwa sa pamamagitan ng mapagkumbabang paglilingkod at pasasalamat. Amen.

## KRUSADA NG PANALANGIN (65)

## Para Sa Mga May Salang Mortal

Lunes, Ika-9 ng Hulyo, 2012 sa 11:00ng Gabi

O Minamahal na Hesus, Manunubos ng Sangkatauhan, Sa pamamagitan ng Iyong Mabathalang Awa, nagsusumamo akong kahabagan mo ang lahat ng kaawa-awang kaluluwang

nagkasala na maaaring mawala sa mundo habang nagaganap ang Babala.

Patawarin mo po ang kanilang mga kasalanan at sa ala-ala ng iyong Pagpapakasakit, nagmamakaawa akong ipagkaloob mo ang natatanging pabor na ito bilang kabayaran sa kanilang mga kasalanan.

Iniaalay ko ang aking sarili sa Iyo, isip, katawan, at kaluluwa, bilang penitensya upang maisalba ang kanilang mga kaluluwa, at maipagkaloob sa kanila ang buhay na walang hanggan. Amen.

## KRUSADA NG PANALANGIN (66)

## Panatilihin Mo pong Ligtas ang Aking mga Anak mula sa Hari ng Kasinungalingan

Sabado, Ika-14 ng Hulyo, 2012 sa 04:00 ng Hapon

May pagsusumamong hinihiling ko Mahal na Hesus na panatilihin mo pong

ligtas ang aking mga anak mula sa Hari ng Kasinungalingan.

Itinatalaga ko ang mga batang ito *(sabihin ang mga pangalan)* sa Iyong Kamahal-mahalang Puso at hinihiling kong sa pamamagitan ng pagbalot ng iyong Mahal na Dugo, mabigyan mo ng liwanag ang kanilang mga kaluluwa at dalhin mo sila ng ligtas sa iyong mapagmahal na mga bisig upang sila'y maprotektahan sa lahat ng kapahamakan.

Hinihiling ko na buksan mo ang kanilang mga puso at pag-apawin ang kanilang mga kaluluwa ng Iyong Espritu Santo habang nagaganap ang Iluminasyon ng Konsiyensya (Illumination of Conscience) upang sila'y malinis sa bawat kasalanan. Amen.

## KRUSADA NG PANALANGIN (67)

## Para sa Kaparian: Tulungan Mo Akong Manatiling Tapat sa Iyong Kabanal-Banalang Salita

O Minamahal na Hesus, tulungan mo po akong manatiling tapat sa Iyong Kabanal-Banalang Salita sa lahat ng oras. Bigyan mo po ako ng lakas upang manindigan sa Katotohanan ng Iyong Simbahan sa harap ng pagdurusa.

Punuin mo ako ng grasya upang ipagkaloob ang mga Banal na Sakramento sa paraang itinuro mo sa amin.

Tulungan mo akong pakanin ang Iyong Simbahan ng Tinapay ng Buhay at manatiling tapat sa Iyo kahit pinagbabawalan akong gawin ito.

Palayain mo ako mula sa tanikala ng panlilinlang na maaaring harapin ko upang makapagpahayag ng tunay na Salita ng Diyos.

Balutin mo po lahat ng Sagradong Lingkod mo ng Iyong Mahal na Dugo sa oras na ito upang kami'y manatiling malakas ang loob, tapat, at matiyaga, sa

aming ugnayan sa Iyo, Hesu-Kristo, minamahal naming Tagapagligtas. Amen.

## KRUSADA NG PANALANGIN (68)

## Protektahan Mo po Kami mula sa Impluwensya ni Satanas

Lunes, Ika-23 ng Hulyo, 2012 sa 04:36 ng Hapon

Ina ng Diyos, Ina ng Kaligtasan, Balutin mo po ako ng iyong kabanal-banalang balabal at protektahan ang aking pamilya mula sa impluwensya ni Satanas at ng kanyang bumagsak na mga anghel.

Tulungan mo akong magtiwala sa Mabathalang Awa ng iyong minamahal na Anak, si Hesu-Kristo, sa lahat ng oras. Palakasin mo ako sa pag-ibig sa Kanya at huwag na huwag mo akong hayaang malihis sa Katotohanan ng Kanyang Aral gaano man karami ang mga tuksong inilalaan sa akin. Amen.

## KRUSADA NG PANALANGIN (69)

# Panalangin Upang Tanggapin ang Mabathalang Kalooban ng Aking Ama

Huebes, Ika-26 ng Hulyo, 2012 sa 11:55 ng Gabi

Diyos Amang Makapangyarihan sa lahat, tinatanggap ko ang Iyong Mabathalang Kalooban.

Tulungan mo po ang Iyong mga anak na tanggapin ito. Pigilan mo po si Satanas sa kanyang pagkakait sa karapatan ng Iyong mga anak sa pamana ng kanilang Ama.

Huwag na huwag mo pong hayaan na isuko namin ang laban para sa aming mana sa paraiso. Pakinggan niyo po ang aming pagsusumamo na paalisin si Satanas at kanyang mga bumagsak na anghel.

Hinihiling ko sa Iyo Minamahal na Ama na linisin Niyo po ang mundo sa pamamagitan ng Iyong Awa at lukuban kami ng Iyong Espiritu Santo.

Pamunuan Niyo po kami upang

maitatag ang Iyong Banal na Hukbo, puspos ng kapangyarihan upang patalsikin ang halimaw magpakailanman. Amen.

## KRUSADA NG PANALANGIN (70)

## Panalangin para sa Kaparian: Upang maging matatag at matapat sa Banal na Salita ng Diyos

Lunes, Ika-30 ng Hulyo, 2012 sa 01:00 ng Umaga

O Minamahal na Hesus, tulungan mo po ang mga sagradong lingkod mo na mabatid ang pagkakawatak-watak ng Iyong simbahan sa paglantad nito.

Tulungan mo po ang mga sagradong lingkod mo na manatiling matatag at matapat sa Iyong Banal na Salita. Huwag na huwag mo pong hayaan na ang mga makamundong ambisyon ay magdulot ng paglabo sa dalisay na pag-ibig nila sa Iyo.

Pagkalooban mo po sila ng grasya na manatiling malinis at mapagkumbaba

sa Harap Mo at maparangalan ang Iyong Kabanal-Banalang Presensya sa Eukaristiya.

Tulungan mo po at at gabayan lahat ng mga sagradong lingkod mo na maaaring nanlalamig ang pag-ibig sa Iyo at muli mo pong pagningasin ang apoy ng Espritu Santo sa kanilang mga kaluluwa.

Tulungan mo po na mabatid nila ang tukso na inilalagay sa kanila upang sila'y gambalain.

Buksan nyo po ang kanilang mga mata upang kanilang makita ang Katotohanan sa lahat ng oras.

Pagpalain mo po sila mahal na Hesus sa oras na ito at balutin sila ng Iyong Mahal na Dugo upang manatili silang ligtas sa kapahamakan.

Bigyan mo po sila ng lakas na paglabanan ang pang-aakit ni Satanas, kung sakaling sila'y gambalain ng pang-aakit na itanggi ang pag-iral ng kasalanan. Amen.

## KRUSADA NG PANALANGIN (71)

## Panalangin Upang Tayo'y Maligtas sa Kalupitan

Martes, Ika-31 ng Hulyo, 2012 sa 08:00 ng Gabi

O Hesus iligtas mo po ang mga anak ng Diyos mula sa Anti-Kristo. Protektahan mo po kami sa mga binabalak na pagkontrol ng mundo. Panginoon, iligtas mo po kami sa kalupitan. Protektahan mo po mula sa Anti-Kristo ang mga kaluluwang nasa kadiliman upang sila'y matubos sa mga mata mo.

Tulungan mo po kami sa aming mga kahinaan. Patibayin mo po ang aming ispiritu upang manindigan at pamunuan ang bawat isa habang kami'y nagmamartsa bilang iyong hukbo patungong pintuan ng Paraiso.

Kinakailangan kita Mahal na Hesus. Pinakamamahal kita Mahal na Hesus. Sinasamba ko ang Presensya mo sa mundo. Lumalayo ako sa kadiliman.

Pinupuri Kita at itinatalaga ang aking sarili pangkatawan at kaluluwa upang maipakita mo sa akin ang Katotohanan ng Iyong Presensya ng sa ganon ay lagi akong magtiwala sa iyong Habag sa lahat ng oras. Amen.

## KRUSADA NG PANALANGIN (72)

## Ang Panalangin ng Disipulo

Martes, Ika-07 ng Agosto, 2012 sa 03:50 ng Hapon

Mahal kong Hesus ako ay handa na sa pagpapakalat ng Iyong Banal sa Salita.

Pagkalooban mo po ako ng tibay ng loob, lakas, at kaalaman para ipahayag ang Katotohanan upang ang pinakamaraming kaluluwa ay maihatid sa Iyo.

Dalhin mo ako sa Iyong Kamahal-mahalang Puso at balutin ako ng Iyong Mahal na Dugo para ako'y mapuno ng grasya upang ipakalat ang pagbabalik-loob tungo sa kaligtasan ng lahat ng anak

ng Diyos sa bawat parte ng mundo anuman ang kanilang paniniwala.

Lagi kitang pinagtitiwalaan.

Ang Iyong minamahal na disipulo. Amen.

## KRUSADA NG PANALANGIN (73)

## Para sa mga Batang Kaluluwa

Huebes, Ika-16 ng Agosto, 2012 sa 03:15 ng Umaga

O Jesus, tulungan mo po ako na iligtas ang mga kaluluwa ng mga bata sa buong mundo.

Sa pamamagitan ng Iyong grasya tulungan mo po sila na makita ang katotohanan ng Iyong pag-iral. Dalhin mo po sila sa Iyong Kamahal-mahalang Puso at buksan ang kanilang mga mata sa Iyong Pag-ibig at Awa. Iligtas mo po sila sa apoy ng impyerno sa pamamagitan ng aking mga panalangin at kaawaan mo po ang kanilang mga kaluluwa. Amen.

## KRUSADA NG PANALANGIN (74)

## Para sa Kaloob na Pang-unawa

Miyerkules, Ika-22 ng Agosto, 2012 sa 09:18 ng Umaga

O Ina ng Diyos, tulungan mo ako na ihanda ang aking kaluluwa para sa Regalo ng Espiritu Santo. Kunin mo ang aking kamay at mistulang bata, akayin ako at pangunahan sa landas patungo sa Kaloob na Pang-unawa sa pamamagitan ng Espiritu Santo.

Buksan mo ang aking puso at turuan akong isuko ang aking katawan, kaisipan, at kaluluwa.

Tanggalin mo sa akin ang kasalanan ng kahambugan at ipanalangin na ako'y mapatawad sa lahat ng aking nagawang kasalanan upang ang kaluluwa ko'y maging malinis at ako'y maging ganap at karapat-dapat tumanggap sa Regalo ng Espiritu Santo.

Pinasasalamatan kita Ina ng Kaligtasan sa iyong pamamagitan at aking hinihintay ng may pag-ibig sa

aking puso ang regalong ito na aking inaasam ng buong galak. Amen.

## KRUSADA NG PANALANGIN (75)

## Itinatalaga ko ang Pagdurusa Ko sa Iyo Mahal na Jesus

Martes, Ika-4 ng Septiembre, 2012 sa 11:05 ng Gabi

Jesus itinatalaga ko ang aking mga pagdurusa at pasakit sa dinanas mong matinding paghihirap sa Kalbaryo.

Sa bawat insulto na tinitiis ko aking iniaalay ito sa Iyo.

Sa bawat pang-aabuso at salitang mapanghusga na dinaranas ko aking iniaalay ito bilang parangal sa Pagputong sa Iyo ng Koronang Tinik.

Sa bawat hindi makatarungang panlalait sa akin iniaalay ko ito bilang parangal sa paghamak sa Iyo sa harapan ni Pilato.

Sa bawat pisikal na pananakit na tinitiis ko sa kamay ng iba aking iniaalay

ito bilang parangal sa paghampas sa Iyo habang nakagapos sa haliging bato.

Sa bawat pang-aalipustang tinitiis ko iniaalay ko ito bilang parangal sa kalunos-lunos na pisikal na paghihirap na naranasan mo nang ang koronang tinik ay tumusok sa Iyong Mata.

Sa bawat pagtulad ko sa Iyo, pagbahagi ng Iyong mga Aral, at tuwing pagkutya sa akin sa Ngalan Mo, hayaan mong samahan kita sa landas patungong kalbaryo.

Tulungan mong maalis sa akin ang kayabangan at kailanman ay huwag matakot aminin na ako'y umiibig sa Iyo mahal na Jesus. Sa pagkakataong tila ang lahat sa aking buhay ay mawalan ng pag-asa Mahal na Jesus, tulungan mo akong maging matapang sa pamamagitan ng pag-alaala sa Iyong buong-pusong pagtanggap na maipako sa Krus sa malupit at walang habag na paraan.

Tulungan mo akong manindigan at

mabilang sa mga totoong Kristiyano, isang tunay na sundalo sa Iyong hukbo, mapagpakumbaba at nagsisisi ng buong puso, bilang alaala sa Sakripisyo na Iyong ginawa para sa akin.

Hawakan mo ang aking kamay mahal na Jesus at ipakita sa akin kung paano ang aking sariling pagdurusa ay maaaring makahikayat sa iba na makiisa sa iyong hukbo kasama ng mga kaluluwang nagkakasundo sa pag-ibig sa Iyo.

Tulungan mo akong tumanggap ng paghihirap at ialay ito sa Iyo bilang handog para sa kaligtasan ng mga kaluluwa sa huling pakikipaglaban sa kalupitan ng masamang kaaway. Amen.

## KRUSADA NG PANALANGIN (76)

## Panalangin ng Hindi Naniniwala sa Diyos

Lunes, Ika-10 ng Septiembre, 2012 sa 06:00 ng Gabi

Jesus tulungan mo ako na tanggapin ang pag-ibig ng Diyos kung paanong ipinapakita ito sa akin.

Buksan mo ang aking mga mata, aking isip, aking puso at aking kaluluwa upang ako'y maligtas.

Tulungan mo akong maniwala sa pamamagitan ng pagpuno sa aking puso ng Iyong pag-ibig.

Pagkatapos ay hawakan mo ako at iligtas ako sa pagdurusa dulot ng pag-aalinlangan. Amen.

## KRUSADA NG PANALANGIN (77)

## Para sa Great Britain

Lunes, Ika-17 ng Septiembre, 2012 sa 09:15 ng Gabi

O Kataas-taasang Ama sa langit, Diyos na Maylikha ng tao, nawa'y pakinggan mo ang aking panalangin.

Ako'y nagsusumamo na iligtas mo ang Britanya mula sa mga mahigpit na kapit ng kasamaan at diktadura.

Hinihiling ko na pagkaisahin mo kaming lahat, anumang relihiyon, pananampalataya, at kulay, bilang isang pamilya sa Iyong mga Mata.

Pagkalooban mo kami ng lakas upang magkaisa sa pagsuway sa anumang batas na sasalungat sa Iyong mga Aral.

Bigyan mo kami ng lakas at tapang upang kailanman ay hindi Ka namin talikdan at makatulong sa pagligtas ng lahat ng Iyong mga anak sa pamamagitan ng aming mga panalangin.

Pagkaisahin mo po ang lahat ng aming mga kapatid upang sama-sama naming parangalan ang Iyong pangako na kami'y Iyong dadalhin sa buhay na walang hanggan at makapasok sa Iyong Paraiso. Amen.

## KRUSADA NG PANALANGIN (78)

## Iligtas Mo Ako sa Kasamaan.

Martes, Ika-25 ng Septiembre, 2012 sa 12:50 ng Hapon

O Jesus protektahan mo po ako mula sa kapangyarihan ni Satanas Dalhin mo po ako sa Iyong puso habang binibitiwan ko aking kapit sa kanya at sa mga masasama niyang gawain.

Isinusuko ko sa Iyo ang aking kalooban at lumuluhod sa harapan Mo ng may kababaang loob at pusong tapat.

Ipinapaubaya ko ang aking buhay sa Iyong Mapagpalang Bisig. Iligtas mo ako sa kasamaan. Palayain ako at dalhin ako sa Iyong ligtas na silungan ng proteksyon ngayon at magpakailanman. Amen.

## KRUSADA NG PANALANGIN (79)

## Para sa 2 Bilyon na Napariwarang Kaluluwa.

Huebes, Ika-27 ng Septiembre, 2012 sa 09:00 ng Umaga

O Mahal na Jesus, ako'y nagsusumamo na ibuhos Mo ang Iyong Awa sa mga napariwarang kaluluwa.

Patawarin Mo po ang pagtanggi nila sa Iyo at gamitin Mo ang aking panalangin at paghihirap upang sa pamamagitan ng Iyong Awa, ay magbuhos Ka sa kanila ng Grasya na kailangan upang maging banal ang kanilang mga kaluluwa.

Humihingi ako sa Iyo ng regalo ng kaluwagan (clemency) para sa kanilang mga kaluluwa.

Hinihiling ko na buksan mo ang kanilang mga puso upang sila'y lumapit sa Iyo at hilingin ang Iyong pagpuno ng Espiritu Santo upang matanggap nila ang katotohanan ng Iyong Pag-ibig at mabuhay kasama Mo at ng Pamilya ng Diyos magpakailanman. Amen.

## KRUSADA NG PANALANGIN (80)

## Para sa mga Kaluluwang Pumapatay

Linggo, Ika-14 ng Oktubre, 2012 sa 06:10 ng Gabi

O Mahal na Jesus, Ako'y

nagsusumamo na kaawaan mo ang mga pumapatay. Ako'y nakikiusap ng kaluwagan sa mga may salang mortal.

Iniaalay ko ang aking pagpapakasakit at paghihirap sa Iyo, upang Iyong buksan ang Iyong puso at patawarin sila sa kanilang mga kasalanan.

Hinihiling kong lukuban mo ng Iyong Mahal na Dugo ang mga kaluluwang may masamang layunin upang sila ay mahugusan at maging malinis mula sa kanilang labis na kawalang-katarungan. Amen.

## KRUSADA NG PANALANGIN (81)

## Para sa Regalo na Banal na Komunyon

Biernes, Ika-19 ng Oktubre, 2012 sa 09:06 ng Umaga

O Makalangit na Ostiya, punuin mo ang aking katawan ng kalakasang kailangan nito. Punuin mo ang aking kaluluwa ng Mabathalang Presensya ni Jesu-Kristo.

Bigyan mo ako ng mga biyayang kailangan upang matupad ko ang Banal na Kalooban ng Diyos. Punuin mo ako ng kapayapaan at katiwasayan na nagmumula sa Iyong Banal na Presensya. Nawa'y huwag mong hayaan na ako'y mag-alinlangan sa Iyong Presensya.

Tulungan mong tanggapin Kita sa Iyong Katawan at Kaluluwa, at sa pamamagitan ng Banal na Eukaristiya, ang mga Grasyang ipinagkaloob sa akin ay makatulong sa akin na ipahayag ang Kaluwalhatian ng ating Panginoon na si Jesu- Kristo.

Linisin mo po ang aking puso. Buksan mo ang aking kaluluwa at gawin akong banal tuwing tinatanggap ko ang dakilang Regalo, ang Banal na Eukaristiya.

Ipagkaloob mo po sa akin ang mga grasya at mga pabor na inilalaan nito sa lahat ng anak ng Diyos at bigyan ako ng

lubos na kaligtasan (immunity) mula sa apoy ng purgatoryo. Amen.

## KRUSADA NG PANALANGIN (82)

## Para sa Tagumpay ng Natitirang Simbahan

Huebes, Ika-25 ng Oktubre, 2012 sa 09:50 ng Gabi

Jesus, Hari at Tagapagligtas ng sanlibutan, sa Iyo ay panata namin ang parangal, aming katapatan at mga gawain, upang ipahayag ang Iyong Kaluwalhatian sa lahat.

Tulungan mong makamtan namin ang kalakasan, at ang katapangan, upang manindigan at ipahayag ang Katotohanan sa lahat ng pagkakataon. Nawa'y huwag mo pong hayaan na kami'y magkamali o maantala sa aming paglalakbay tungo sa tagumpay, at sa aming plano ng pagsasalba ng mga kaluluwa.

Panata namin ang pagsuko, ang aming puso, at lahat ng aming pag-aari,

ng sa ganon ay walang anumang maging hadlang habang kami'y patuloy sa matinik na landas tungo sa pinto ng Bagong Paraiso.

Iniibig kita, pinakamamahal na Jesus, aming mahal na Tagapagligtas at Manunubos. Ipinapaloob namin ang aming katawan, kaisipan, at kaluluwa sa Iyong Kamahal-mahalang Puso. Ibuhos mo sa amin ang Iyong Grasya ng Proteksyon.

Lukuban mo kami ng Iyong Mahal na Dugo, upang kami ay mapuno ng lakas at pag-ibig upang maninindigan at ipahayag ang Katotohanan ng Iyong Bagong Kaharian. Amen.

## KRUSADA NG PANALANGIN (83)

### Para sa Pagpapagaan ng Parusa

Huebes, Ika-1 ng Nobyembre, 2012 sa 06:00 ng Gabi

O Ama naming mahal, Diyos na Kataas-taasan, kami na mga dukha mong

anak ay nagpapatirapa sa harap ng Iyong Dakilang Trono sa Langit.

Nagmamakaawa kaming alisin mo sa mundo ang kasamaan. Sumasamo kami ng Iyong Awa para sa mga kaluluwa ng mga taong nagdudulot ng matinding paghihirap sa Iyong mga anak sa mundo.

Kami'y nakikiusap na patawarin Mo sila. Nakikiusap kaming alisin mo ang Anti-Kristo, sa lalong madaling panahon pagkatapos niyang lumitaw.

Hinihiling namin sa Iyo, mahal na Panginoon, na pagaanin mo ang Parusa mula sa Iyong mga Kamay. Sa halip, sumasamo kaming tanggapin mo ang aming mga panalangin at aming mga pagpapakasakit, upang pagaanin ang paghihirap ng Iyong mga anak, sa panahong ito.

Kami'y lubos ang tiwala sa Iyo. Kami'y nagpaparangal sa Iyo. Kami'y nagpapasalamat sa matinding sakripisyo na iyong ginawa nang ipinadala mo ang

Iyong bugtong na anak na si Jesu-Kristo, upang iligtas kami sa kasalanan.

Muli, malugod naming tinatanggap ang Iyong Anak, bilang Tagapagligtas ng Sangkatauhan. Nawa'y protektahan mo kami. Iadya kami sa kapinsalaan. Tulungan mo aming pamilya. Kaawaan mo kami. Amen.

## KRUSADA NG PANALANGIN (84)

## Upang Magbigay-Liwanag sa mga Kaluluwa ng mga Piling Tao (Elites) na Namumuno sa Mundo.

Biernes, Ika-9 ng Nobyembre, 2012 sa 09:00 ng Gabi

O Jesus naming mahal, sumasamo kami sa Iyo ng liwanag para sa mga kaluluwa ng mga Piling tao na namumuno sa mundo. Patunayan mo sa kanila ang Iyong Awa.

Tulungan mo ang kanilang mga puso na mabuksan at magpakita ng kababaang-loob, alang-alang sa

karangalan ng Iyong dakilang Sakripisyo sa pamamagitan ng pagkamatay sa Krus para sa kanilang mga kasalanan.

Tulungan mong malaman nila kung sino ang Totoong Maylikha sa kanila, kung sino ang Diyos na Maykapal, at punuin mo sila ng grasya upang makita nila ang katotohanan.

Nakikiusap kami na pigilan mo at huwag hayaang maganap ang kanilang layunin na saktan ang milyon-milyong tao sa pamamagitan ng bakunasyon (vaccinations), kasalatan ng pagkain, pwersahang pag-ampon sa mga inosenteng bata, at pagkakawatak-watak ng mga pamilya.

Pagalingin mo sila. Lukuban mo sila ng Iyong Liwanag at dalhin mo sila sa kailaliman ng Iyong Puso upang mailigtas sila mula sa bitag ng masama. Amen.

## LITANYA NG PANALANGIN (1)

# Proteksyon mula sa Bulaang Propeta

Linggo, Ika-19 ng Agosto, 2012 sa 10:56 ng Gabi

Pinakamamamahal na Jesus iligtas mo po kami sa panlilinlang ng Bulaang Propeta.
Jesus Kaawaan mo po kami
Jesus iligtas mo po kami sa kalupitan
Jesus pag-ingatan mo po kami sa Anti-Kristo
Panginoon, maaawa ka
Kristo, maawa ka
Pinakamamamahal na Jesus, lukuban mo po kami ng Iyong Mahal na Dugo
Pinakamamamahal na Jesus buksan mo po ang aming mga mata sa mga kasinungalingan ng Bulaang Propeta.

Pinakamamamahal na Jesus pagkaisahin nyo po ang simbahan.
Jesus protektahan mo po ang mga sakramento.
Jesus huwag mo pong hayaan ang

Bulaang Propeta na pagwatak-watakin ang Iyong Simbahan.

Pinakamamahal na Jesus, tulungan mo pong itanggi namin ang mga kasinungalingan na inihaharap sa amin bilang katotohanan.

Jesus pagkalooban mo po kami ng lakas.

Jesus bigyan mo po kami ng pag-asa.

Jesus pag-apawin mo po ang aming mga kaluluwa ng Espiritu Santo.

Jesus protektahan mo po kami sa Halimaw.

Jesus bigyan mo po kami ng regalo ng pagkilala (discernment) upang masundan namin ang landas ng Iyong tunay na Simbahan sa lahat ng oras magpakailanman at magpasawalang-hanggan. Amen.

## LITANYA NG PANALANGIN (2)

## Para sa Lubos na Kaligtasan (Immunity)

Biernes, Ika-24 ng Agosto, 2012 sa 03:15 ng Umaga

O Makalangit na Ama Kataas-taasan
Pinakamamamahal Kita.
Pinararangalan Kita.
Panginoon maawa Ka.
Panginoon patawarin mo po ang aming mga pagkakasala.
Sinasamba Kita.
Pinupuri Kita.
Pinasasalamatan Kita sa lahat ng Iyong mga natatanging biyaya.
Ako'y nagsusumamo para sa grasya ng lubos na kaligtasan (immunity) para sa aking mga minamahal **(*sambitin ang mga pangalan sa listahan para sa kaligtasan ng mga kaluluwa*)**
Iniaalay ko sa Iyo ang Aking katapatan sa lahat ng oras.
Ikaw O Pinakamakalangit na Ama,
Maylikha ng lahat ng bagay,
Maylikha ng kalawakan,
Maylikha ng sangkatauhan,
Ikaw ang pinagmumulan ng lahat ng bagay.

Ikaw ang pinagmummulan ng pag-ibig.
Ikaw ay pag-ibig.

Pinakamamamahal Kita.
Pinararangalan Kita.
Iniaalay ko ang aking sarili sa Iyo.
Nagsusumamo ako ng Awa para sa lahat ng kaluluwang hindi Ka nakikilala,
silang hindi nagpaparangal sa Iyo,
silang tumatanggi sa Kamay ng Iyong Awa.
Ipinagkakaloob ko ang aking sarili sa Iyo sa isip, katawan, at kaluluwa
upang sila'y mayakap mo sa Iyong mga bisig, ligtas sa kasamaan.
Hinihiling ko na Iyo pong buksan ang Pinto ng Paraiso upang ang lahat ng mga anak mo ay magkaisa, sa wakas, sa pamanang nilikha mo para sa aming lahat.
Amen.


## LITANYA NG PANALANGIN (3)

# Ipagtanggol ang Salita ng Diyos

Huebes, Ika 11 ng Oktubre, 2012 sa 10:30 ng Umaga

O Mahal na Jesus, protektahan mo po kami sa mga panlilinlang na labag sa Diyos.
Ipagsanggalang mo kami mula kay Satanas at kanyang hukbo.
Tulungan mo kami na ibigin Ka ng higit pa.
Panatilihin mo kaming malakas sa pakikipaglaban.
Ipagtanggol mo kami sa aming pananampalataya.
Ituro mo sa amin ang Iyong ligtas na kanlungan.
Tulungan mo kaming manindigan at magtanggol sa Iyong Banal na Kalooban.
Patatagin mo ang aming paninindigan na maging tunay na mga disipulo mo.
Pagkalooban mo kami ng katapangan.
Bigyan mo kami ng lakas ng loob.
Gabayan mo kami sa landas ng Katotohanan.
Ipagsanggalang mo kami laban sa kaaway.

Ibuhos mo ang maraming grasya ng proteksyon sa amin.
Tulungan mo kami na umiwas sa tukso.
Dalhin mo kami palapit sa Iyong Kamahal-mahalang Puso.
Tulungan mo kaming manatiling tapat sa Iyo sa lahat ng oras.
Amen.




**Bawat Panalangin mo ay napakahalaga sa Diyos, lalo na't taos puso mong ibinibigay.**